

Buod ng Linggo 31

Linggo	31	Lunsarang Teksto 1	"Hari ng Tondo" ni Gloc-9
Tema	Malaya Ako	Lunsarang Teksto 2	"Upuan" ni Gloc-9
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakindingan (PN)		PN4A	PN4Aa
Pagsasalita (PA)		PA4B, PA4C	PA4Bb, PA4Cb
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB4A	PB4Aa
Pagsulat (PU)		PU4A	PU4Aa, PU4Ab
Tatas		TA1-4C, TA1-4D	
Pakitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A, EP1-4B	

LINGGO 31

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pakikinig sa kantang "Hari ng Tondo" ni Gloc-9 (15 minuto)		Pagtalakay sa mensahe ng awiting "Hari ng Tondo" ni Gloc-9 (25 minuto)	Pangkatang gawain (20 minuto)			
Araw 2				Pagbabahagi sa klase ng ginawang collage (15 minuto)	Paglalaro ng <i>charades</i> (25 minuto)	Pagtalakay sa kahalagahan ng mga di-pasalitang palatandaan sa pakikipagkomunikasyon; Pakikinig sa awiting "Upuan" ni Gloc-9 (20 minuto)	

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 3					Paggawa ng Venn Diagram tungkol sa mga awiting "Hari ng Tondo" at "Upuan" ni Gloc-9 (20 minuto)	Pagsusulat ng suring-papel tungkol sa anomang dalawang awitin ni Gloc-9; Pagbibigay ng takdang-aralin (40 minuto)	
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Tsart ng awit na "Hari ng Tondo" ni Gloc-9
- CD/mp3 player
- Papel
- Panulat
- Mga lumang magasin

Ikalawang Araw

- Tsart ng "Hari ng Tondo" ni Gloc-9

Ikatlong Araw

- Tsart ng awit na "Upuan" ni Gloc-9
- CD/mp3 player

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon (15 minuto)
 - Iparinig sa mga mag-aaral ang awit na "Hari ng Tondo" ni Gloc-9.
 - Maaaring muling ipaawit ito sa mga mag-aaral.
 - Bilang panimula, gawing gabay na tanong ang sumusunod:
 - Tungkol saan ang awit?
 - Sino ang posibleng nagsasalita sa awit?
 - Ilarawan ang mga pangyayari o sitwasyon sa awit.
 - May mga pangyayari ba sa kasalukuyan na ipinakita o binanggit din sa akda?
 - Sa iyong palagay, sino ang tinutukoy na "Hari ng Tondo?" Ipaliwanag.
 - Iproseso ang mga sagot ng mag-aaral at ipakilala ang awit.
 - Maaaring bigyan din sila ng kaalaman tungkol sa gumawa ng awit na si Gloc-9.
 - Makadaragdag din ng kaalaman kung tutukuyin ang mga naging pagkilala, karanasan, at panahong nangingibabaw ang karera ng manunulat.
- Presentasyon (25 minuto)
 - Mula sa mga naibahaging kaalaman, himayin ang mensahe ng awit sa pamamagitan ng *graphic organizer* sa kabilang pahina:




2. Tandaan, hindi maihihiwalay ang isang bahagi mula sa kabuuang bahagi ng awit kung pag-uusapan ang diwa at mensahe nito.
3. Matapos pasagutan sa bawat mag-aaral ang pagsasanay, hayaang ibahagi nila ito sa klase at ibuod ang nilalaman at mensahe ng awit.

c. Pagpapayaman (20 minuto)

Bilang pagpapalawak at paghahanda sa susunod na sesyon, ipagpares-pares ang mga mag-aaral. Pipili ang bawat pares ng dalawang katotohanan/realidad sa buhay na nakapaloob sa awit.

Maaaring gawing gabay ang dayagram ng mga sitwasyon sa ibaba:



Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (15 minuto)

1. Sabihin sa mga mag-aaral na ilabas at ihanda ang kanilang mga *collage*.
2. Tumawag ng ilang mag-aaral na magkapareha at hayaang ibahagi nila ang kanilang ginawa.
3. Pansamantalang isara ang gawain sa pamamagitan ng pagbubuod sa mga nagawang *collage* tungkol sa mensahe at mga sitwasyong nakapaloob sa awit.

b. Pagpapalawig (25 minuto)

1. Muling ipaskil sa pisara ang mga sitwasyong nakapaloob sa awit.
2. Ito ang magsisilbing gabay ng mga mag-aaral sa susunod na pagsasanay.
3. Magpapalaro ang guro ng *charades* upang mahasa sa mga mag-aaral ang kasanayan sa di-pasalitang palatandaang naghuhudyat ng impormasyon o kaalamang may kinalaman sa akda.
 - a. politiko
 - b. magnanakaw
 - c. kriminal
 - d. Maynila
 - e. pagkakaisa
 - f. kapayapaan
 - g. Filipinas
 - h. *at iba pang mahahalagang salitang idadagdag ng guro*
4. Narito ang maaaring palabunutan ng mga salita, tao, o pangyayaring may kaugnayan sa binasang awit:


c. Sintesis (20 minuto)

1. Bilang pangwakas, itanong sa mga mag-aaral kung ano ang kahalagahan ng mga di-pasalitang palatandaan sa komunikasyon.
2. Matapos ang paglilinaw at pagwawasto ng mga kasagutan, ang guro naman ang magbabahagi ng kaalaman sa kahalagahan ng di-pasalitang komunikasyon.
3. Bilang paghahanda sa susunod na araw, iparinig ang isa pang awitin ni Gloc-9, ang "Upuan." Maaaring ipaawit ito sa mga mag-aaral.

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (20 minuto)

1. Iparinig muli sa mga mag-aaral ang dalawang awitin ni Gloc-9.
2. Ipasuri sa mga mag-aaral ang dalawang awitin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong:



- a. *Tungkol saan ang awit na "Upuan?"*
- b. *Sino ang posibleng nagsasalita sa awit na "Upuan?"*
- c. *Ano-ano ang pagkakatulad ng dalawang awit?*
- d. *Ano-ano ang pagkakaiba ng dalawang awit?*
- e. *Nagustuhan mo ba ang awit? Bakit?*
- f. *Sa iyong palagay, ano ang nagsilbing inspirasyon ng gumawa ng awit sa pagpili niya ng ganitong mga paksa?*

b. Pangwakas na Pagtataya (40 minuto)

1. Bilang pangwakas na pagtataya at bilang takdang-aralin, papiliin ang mga mag-aaral sa dalawang awit na tinalakay at gumawa ng sariling suring-papel. Bilang gabay, susundin ng mga mag-aaral ang sumusunod na balangkas:
 - a. pagsusuri sa pamagat
 - b. pagkilala sa awtor
 - c. pagsusuri sa tagpuan (kung binanggit)
 - d. paglalarawan ng mga tauhan (kung binanggit)
 - e. pagsusuri sa paksa
 - f. pagsulat ng personal na reaksiyon/pagsusuri
2. Gawing batayan ng rubrik ang rubrik ng pagsulat na matatagpuan sa apendiks.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 32

Linggo	32	Lunsarang Teksto	Sipi mula sa "Ampalaya (Ang Filipinas 50 Taon Makatapos ng Bagong Milenyo)" ni Reuel Molina Aguila
Tema	Malaya Ako		
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)		PN4A	PN4Aa, PN4Ab, PN4Ad, PN4Ae, PN4Af
Pagsasalita (PA)		PA4A	PA4Ab, PA4Ad
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB4A	PB4Aa, PB4Ad
Pagsulat (PU)		PU4B	PU4Ba, PU4Bb
Tatas		TA1-4C, TA1-4D	
Pakikitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A, EP1-4B	

LINGGO 32

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagpapalawak ng talasalitaan (10 minuto) Paghihinuha kung ano ang nilalaman ng kuwento sa pamamagitan ng pagtingin sa pamagat (5 minuto)	Ginabayang pagbasa (30 minuto)		Paghihinuha sa mga posibleng mangyari sa Filipinas 50 taon mula ngayon –takdang-aralin (15 minuto)		
Araw 2				Pagbabahagi ng mga naisip na pangyayari sa Filipinas limampung taon mula ngayon (30 minuto)	Pagbubuod ng mga tinalakay (10 minuto)	Pag-iiskor sa gawain sa Pagpapalawig (10 minuto) Pagbibigay ng takdang-aralin – pagdadala ng mga sangguniang ginamit sa proyektong panturismo (10 minuto)
Araw 3	Paglalahad ng mga batis o sangguniang pinagkuhaan ng mga impormasyon para sa proyektong panturismo (15 minuto)	Pagkilala sa dalawang uri ng batis – pangunahing batis at sekondaryang batis Pagkilala sa APA format ng pagsulat ng mga bibliographical entry (20 minuto)	Pagsulat ng mga bibliographical entry para sa proyektong programang panturismo (30 minuto)			Pagtsek sa isinulat na bibliographical entry ng bawat grupo (isagawa habang nagsusulat ang mga mag-aaral sa Pagpapayaman)
Araw 4						Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- a. Larawan ng ampalaya o aktuwal na ampalaya
- b. Manila paper o kartolina
- c. Pentel pen
- d. Scotch tape/masking tape

II. Pamamaraan

Unang Araw

a. Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon

1. Pagpapalawak ng Talasalitaan (10 minuto)

Pasagutan sa mga estudyante ang mga sumusunod:

Ipaliwanag mo ang kahulugan ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

- a. Mas mabuting pangunahan ang mga hangarin ng isang bayan kaysa pahinuhod; ang una'y umaakit ng kalooban at ng pag-ibig; ang pangalawa ay umaakit ng pagpapawalang-halaga at ng poot.

- b. Isang gabi ay tikitik ang ulan at ang simoy ng amihan ay naghahatid ng nakapanghahalukip na lamig.

- c. Naghahagikgikan sila tuwing naalala ang kakatwang pangyayaring iyon.

- d. Gapok at nakahilig na ang mga sira at lumang poste ng koryente.

- e. Tuyo na at tinabalan na ng damo ang mga poso ngunit kapag hinawan mo ang sukal ay makikita mo ang semento.

- f. Ang mga rebelde ay bumibisita sa nayon at nakikipaghuntahan sa mga tao roon tungkol sa globalisasyon at paghahari ng mga panginoong maylupa at komprador-burgesya.

2. Pagganyak (5 minuto)

Magpakita sa klase ng isang ampalaya o larawan nito. Sabihin na ang kuwentong kanilang babasahin ay pinamagatang "Ampalaya." Pagkatapos ay itanong, "Sa palagay ninyo, tungkol saan ang kuwentong ating babasahin?" Magtawag ng ilang estudyanteng nais magbahagi ng kanilang palagay o hinuha.

b. Presentasyon at Pagpapayaman (30 minuto)

Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbasa. Ganito ang proseso:

1. Hinati sa mga bahagi ang kuwento. Magtawag ng isang estudyanteng magbabasa nang malakas sa bawat bahagi.
2. Pagkatapos ng bawat bahagi ay may mga gabay na tanong. Itanong ito pagkatapos ay magtawag ng mga estudyanteng nais sumagot.
3. Pagkaraang matalakay ang mga tanong ay uusad ang klase sa susunod na bahagi. Sunod ay pagtalakay muli ng mga gabay na tanong, hanggang sa matapos ang kuwento.
4. Maaaring magtala ang guro ng mga importanteng kaisipan o puntong lilitaw sa mga talakayan.

Narito ang binaha-bahaging kuwento at ang mga gabay na tanong:

Sipi mula sa
"Ampalaya (Ang Filipinas 50 Taon Makatapos ng Bagong Milenyong)"
ni Reuel Molina Aguila

*Upang basahin ang kapalaran ng mga bayan,
kailangang buklatin ang aklat ng kaniyang kahapon.*

*At dahil diyan ay inuulit namin at uulitin kailanman, na,
samantalang may panahon ay lalong mabuting pangunahan
ang mga hangarin ng isang bayan kaysa pahinuhod; ang una'y
umaakit ng kalooban at ng pag-ibig; ang pangalawa ay
umaakit ng pagpapawalang-halaga at ng poot.*

(Ang Filipinas sa Loob ng Sandaang Taon -
Jose Rizal)

- 1 Sarap na sarap sa paghahapunan ang pamilyang de la Cruz, isang gabing tikatik ang ulan at ang simoy ng amihan sa mga unang araw ng buwan ng Pebrero ay naghahatid ng nakapangahalukip na lamig.
- 2 Sa liblib na baryong ito na lalong naging liblib dahil napag-iwanan ng mabilis na pagbabago ng mundo, ang mungmong sinahugan ng ampalaya at tinambalan ng tuyo ay langit nang masasabi.
- 3 "Heaven!"
- 4 Ganyan nga ang sinabi ng kabataang mountaineer na minsang nagawi sa pamilya de la Cruz at nakisalo ng mungmong may ampalaya. Matagal na raw siyang hindi nakakatikim ng ganoong ulam.
- 5 Hindi iyon maunawaan nina Juan de la Cruz dahil pangkaraniwan lang na ulam nila iyon. Pagkaing mahirap, wika nga. Laking tuwa nila nang abutan sila ng ilang de-lata bilang kapalit sa munggo't ampalaya.
- 6 Kaya't sa tuwing ganito ang kanilang ulam ay naghahagikgikan ang pamilya de la Cruz sa alaalang ito.
- 7 Hagikgikan pa sila nang hagikgikan dahil sa sinasabi sa radyo habang naghahapunan sila. Hindi nila mapagtanto kung ano ang sinasabi ng announcer. Bargain sale daw sa Super Tiangge Mall ng mga kasangkapan tulad ng teleponong nakikita ang kausap at bombilyang 10 watts lamang pero kayang ilawan ang isang malaking plasa.
- 8 Sapagkat, ni koryente o linya ng telepono ay wala sila. Taong 2050 ay wala silang koryente o linya ng telepono.
- 9 Nagkaroon kung sa nagkaroon ngunit pinutulan din ang buong baryo nang ang karamihan dito ay hindi nakayanang magbayad.
- 10 Gapok at nakahilig na ang mga poste ng koryente; at ang mga kawad ay pinagkukuha na nila para gawing sampayan o panali ng kung ano-ano.

1. Ano ang kalagayan sa buhay ng pamilya ni Juan de la Cruz? Magbigay ng mga patunay.
2. Bakit kaya "heaven" para sa kabataang mountaineer ang ulam na ampalaya at tuyo, gayong pangkaraniwan lamang ito sa pamilya de la Cruz?
3. Bakit naman sila tuwang-tuwa pagkabigay sa kanila ng mga de-latang pagkain ng mountaineer?
4. Batay sa mga impormasyong inilahad sa bahaging ito, ipaliwanag ang tagpuan ng kuwento – saan at kailan ginanap ang istorya.

- 11 Gayon ding nakatiwangwang na ang butas-butang na mga solar panel na ikinabit noong bata pa si Juan. Donasyon iyon ng mga Aleman, limampung taon na ang nakakaraan, noong bago magpalit ang taon sa kalendaryo mula sa panimulang disinuwebe tungo sa dalawampu.
- 12 Tulong daw iyon upang hindi magdumi ang papawirin mula sa karbong ibinubuga ng mga de-langis na plantang lumilikha ng koryente. Na, sa pagdami ng karbon sa papawirin ay siyang nagiging sanhi ng pag-init ng mundo. At siya namang sanhi ng pagbabago ng klima at panahon: wala sa panahong bagyo, panay-panay na tagtuyot, at kainitang pati silang sanay nang mababad sa araw ay umaangal.

- 13 Ngunit sa pagdalaw ng bagyong siya nga sanang nilulutas ng solar panel ay siya namang pagkabutas-butang at pagkakalasog-lasog nito.
- 14 Sa tuwing nakikita ni Juan ang mga kalansay ng panahong iyon ay sumasagi sa kaniya, bilang isang gising na bangungot, ang mga ritwal, takot, at pag-iimbak ng mga pagkain dahil sa sunod-sunod na kalamidad na dumadalaw na siyang kinikilalang mga signos ng katapusan na ng mundo; at paniwalang hatid ng pagbabago ng milenyo.

5. Anong mga pangyayari sa kalikasan ang inilarawan sa bahaging ito ng kuwento? Ipaliwanag ang mga penomenong ito.
6. Ano ang ipinahihiwatig ng pagkasira ng mga solar panel tungkol sa suliranin ng sangkatauhan sa kalikasan at teknolohiya? Ipaliwanag.
7. Ano ang idinudulot sa tao ng mga kalamidad? Ayon sa kuwento, limampung taon sa hinaharap, may pagbabago bang naganap hinggil sa problema ng tao sa pagkasira ng kalikasan kumpara sa mga nagaganap sa kasalukuyan? Pangatwiranan.

- 15 Tuyo na rin at tinabalan na ng damo ang mga poso, na kapag hinawan ang sukal ay makikita pa sa semento ang mga pangalan ng nangampanyang meyor, gobernador, kinatawan, bokal, at pangulo. *Ang mala-lapidang talang ito ay parang isang punit na pahina na siya na ring nagsisilbing tanging nakatalang kasaysayan ng baryong iyon.*
- 16 Kaya nga't napapahagigik na lang sila sa tuwing nakakarinig sila ng mga balita tungkol sa mabilis na pagbabago sa lungsod at sa ibang sulok ng daigdig.
- 17 Gaya ng iba pang produktong inaanunsyo ng announcer na kahit pa singkwenta porsyento ang ibinaba ng mga presyo nito, dahil sa pagkawala ng taripa ayon sa umiiral na pang-ekonomiyang kalakaran ng globalisasyon, ay hindi pa rin maabot ng karaniwang mamamayan.
- 18 Sa radyo niya narinig ang mga mabibigat na salitang iyon hinggil sa pang-ekonomiyang kalakaran, tuwing umagang bago niya harapin ang kaniyang mga pananim. Kaya't tuwing umaga nga, sa awa ng itinatagal ng baterya, *pilit inuunawa ni Juan kung bakit umuunlad naman ang ibang bansa, o kung bakit umuunlad naman ang Maynila ay lalo naman yatang nahuhuli ang kanilang baryo.*
- 19 Kalabaw pa rin ang gamit nila sa pagsasaka samantalang sinasabi rin sa radyo na de-robot na ang pagsasaka sa ibang bansa.
- 20 Sinungaling marahil ang radyo. O, marahil hindi niya nasundang mabuti ang sinasabi ng radyo dahil madalas maubusan siya ng baterya.
- 21 Pero sa radyo din niya narinig na 'wag daw silang mag-alala. 'Yan ang pangako ng bagong pangulo, isang child actress noong magpang-abot ang mga milenyo na higit na nakilala sa halos makatotohanang pagganap niya sa papel ng batang ginang-rape ng kaniyang lolo, ama, at mga tiyuhin.
- 22 Pararatingin daw niya ang kaunlaran hindi lang sa Maynila, bagkus sa kaliblib-liblibang sulok ng bansa, gaya ng kanilang baryo. Iyon ang pangako ng dating child actress.
- 23 Kaya't ganoon ngang umaasa na lang sina Juan. Sapagkat, ano pa nga ba ang kanilang magagawa kundi ang umaasa na lang at magsikap sa araw-araw.

8. *"Ang mala-lapidang talang ito ay parang isang punit na pahina na siya na ring nagsisilbing tanging nakatalang kasaysayan ng baryong iyon."* Anong mensahe ang ipinararating nito tungkol sa kalakaran ng politika sa Filipinas? Ipaliwanag.
9. Isa pang isyu sa politika ay ang pagiging presidente ng isang child actress. Ipaliwanag ang kalakarang ganito sa Filipinas – pagtakbo sa pamahalaan ng mga artista.
10. Bakit sa kabila ng 50% pagbaba sa presyo ng mga produkto ay hindi pa rin ito maabot ng mahihirap? Ipaliwanag ang kalakarang pang-ekonomiyang inilhad sa talata 17.
11. Ihambing ang kalagayan ng kabuhayan sa lungsod, sa probinsya, at sa ibang bansa. Ganito rin ba ang kondisyong ekonomiko sa mundo sa kasalukuyan? Pangatwiranan.

- 24 Ni hindi nga siya sumapi sa mga rebeldeng halos mag-iisandaang taon nang nakikipaglaban ngunit hindi pa rin nagwawagi.
- 25 Sa ilang pagbisita sa kanila ng mga ito ay nakikipaghuntahan sila kay Juan at

ipinapaliwanag kung bakit paurong lalo ang takbo ng buhay sa kanayunan. Ito, diumano ay sanhi ng globalisasyon na sinimulan noon pa mang dekada '90 ng ika-20 siglo. At kaya nakalusot ang bagong kaayusang ito ay dahil sa imperyalistang hangarin ng Estados Unidos, sa pakikipagkutsabahan nito sa naghaharing uri ng bansa sa pangunguna ng mga panginoong maylupa at komprador-burgesya.

- 26 Kung anuman ang pinagsasabi sa kaniya ng mga taong labas ay hindi niya maunawaan; na 'yon din naman ang kantsaw ng matandang si Kadyo, 80 anyos at dating aktibista sa kaniyang kapanahunan—na halos mag-iisandaang taon na ay iyon pa rin ang uri ng pagsusuri ng mga rebelde sa lipunang Filipino.
- 27 "Sapagkat hindi po nagbabago ang kaayusang politiko-ekonomiya ng bansa," ang mariing ratrat ng batang gerilya.
- 28 "Ipasa-Diyos na lang natin," ang sabi naman ng pari na taunan kung magmisa sa kanilang baryo.
- 29 "Magbabago para sa kabutihan ang lahat," ang sabi naman ng kandidatong meyor, na anak ng dating meyor, na anak din ng dating meyor, na anak pa uli ng dating meyor, na anak ng...
- 30 "Putris naman." Ito ang sumasagi lagi sa isipan ni Juan tuwing nauangkat sa anumang pagkakataon ang kaunlaran sa lungsod at ang kahirapan naman sa kanilang baryo.

12. Ayon sa mga rebelde, bakit daw hindi umuunlad ang mga tagaprobinsya hindi gaya ng mga nasa lungsod at mauunlad na bansa? Ipaliwanag.
13. Ano ang ipinahihwatig ng pahayag ng pari sa talata 28 tungkol sa papel ng relihiyon sa lipunan? Ipaliwanag.
14. Ano ang ipinahihwatig ng talata 29 tungkol sa isang isyu sa politika sa Filipinas? Ipaliwanag.

- 31 Hanggang sa natutuhan na niya at ng kaniyang pamilya na maghahagikgikan na lang sa tuwing nauangkat ang mga ganitong kaunlaran.
- 32 *Para lamang daw iyang LRT sa Kamaynilaan na maigi ngang sa pagpasok mo sa isang estasyon ay makakarating ka saan mang parte ng Maynila; ngunit ikot lang nang ikot at hindi nakakaabot sa kanayunan.*
- 33 Mahigit limampung taon na si Juan, halos kasintanda ng bagong milenyo; isang tunay na magsasakang nabubuhay kahit paano sa kaniyang mga sinasaka, umaasa sa sarili at walang pineperwisyo.
- 34 'Yan lang ang kaniyang maipagyayabang, na binuhay niya ang kaniyang pamilya, walang-wala man sila. Sapagkat ganoon din siya binuhay ng kaniyang ama, kahit walang-wala mandin sila.
- 35 Kaya't nakakahimlay siya, sila, nang matiwasyang tuwing gabi. Lalo pa ngayong halumigmig ang hangin na pinag-init naman ng kaninang umaasong mungmong may ampalaya na hinapunan nila kanina.
- 36 At sila'y natulog nang mahimbing.

15. Ipaliwanag ang kaisipan o mensaheng ipinararating ng talata 32.
16. Ang kuwento ay naganap limampung taon sa hinaharap. Ngunit ano ang iyong mga napansin sa mga pangyayari dito kumpara sa mga pangyayari sa kasalukuyan? Ipaliwanag.
17. Kaugnay ng tanong sa bilang 16, ipaliwanag ang mensaheng sinabi ni Rizal sa umpisa ng kuwento.

c. Pagpapalawig (15 minuto)

Tanungin ang mga mag-aaral ng mga naiisip nilang posibleng mangyari sa Filipinas 50 taon sa hinaharap (lima o higit pa). Ipatala sa kanila ang mga ito sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na gawain:

- a. Drowing/poster (isahan, dyad, triad, o pangkatan)
- b. Dula-dulaan (pangkatang)
- c. Awit/jingle rap (triad o pangkatan)
- d. Tula (isahan, dyad, triad, o pangkatan)
- e. Maikling sanaysay/maikling kuwento (isahan, dyad, o triad)

Maaaring isahan, dyad, triad, o pangkatan ang gawaing ito. Hayaan pumili ang mga estudyante kung anong uri ng gawain ang nais nila. Pag-usapan ito ng klase. Pagkatapos ay gumawa kayo ng rubrik para sa pagpupuntos sa gawain.

Ibigay ito bilang takdang-aralin. Ibabahagi nila ito sa klase sa susunod na pagkikita.

Ikalawang Araw

- Pagpapalawig – Pagpapatuloy (30 minuto)**
Ibabahagi ng klase ang kanilang mga takdang-aralin. Kung pangkatan, ipagtanghal ang buong grupo. Kung isahan, dyad, o triad, pumili ng ilan para magbahagi.
- Sintesis (10 minuto)**
Ipabuod sa klase ang mga tinalakay sa loob ng isang pangungusap: “Ano-ano ang mga tinalakay natin? Ano-anong mahalagang kaisipan ang natutuhan ninyo?” Magtawag ng ilang mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang pangungusap.
- Pangwakas na Pagtaya (10 minuto)**
Bibigyang puntos ng klase ang bawat presentasyon gamit ang rubrik na napag-usapan. Magbibigay rin ng mga papuri at puna sa bawat pagtatanghal ang guro at manonood. Mainam na gawin ang pagtataya habang nagpepresenta ang klase (kasabay ng Pagpapalawig).
- Takdang-aralin – Paghahanda para sa Pagganyak/Introduksiyon sa Ikatlong Araw (10 minuto)**
Ipadala sa mga estudyante ang mga sangguniang kanilang ginamit sa pananaliksik para sa proyekto.

Ikatlong Araw

- Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon (10 minuto)**
Pagsama-samahin ang magkakapangkat. Ipalabas sa kanila ang kanilang mga sanggunian (takdang-aralin). Magtawag ng kinatawan ng bawat grupo na maglalahad ng mga sangguniang kanilang ginamit sa pananaliksik.
- Presentasyon (20 minuto)**
Ipaskil sa pisara ang mga kartolina o Manila paper na naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon:

Pangunahing Batis	Sekondaryang Batis
Naprodyus sa panahon kung kailan naganap ang pangyayari o saglit lamang pagkatapos nito (halimbawa: kinuhang retrato, tala mula sa pag-oobserba, kinuhang video)	Naprodyus sa matagal na panahon pagkatapos ng pangyayari (hal., libro)
Ginawa ng isang taong nakakita o nakasaksi sa pangyayari (hal. interbyu sa taong nakasaksi, diary ng isang taong nakasaksi sa pangyayari)	Karaniwang gumagamit ng pangunahing batis bilang sanggunian (hal. pagsangguni sa isang artikulo sa libro na naunang sumangguni sa interbyu)
Mga halimbawa: <i>Diary entries</i> Mga liham Mga retrato Likhang-sining (ginawa sa panahon ng pagkakaganap ng pangyayari) Mapa <i>Video and film</i> <i>Sound recordings</i> <i>Interviews</i> <i>Newspapers</i> <i>Magazines</i> <i>Published first-hand accounts, or stories</i>	Mga halimbawa: <i>History textbooks</i> <i>Biographies</i> <i>Published stories</i> <i>Movies of historical events</i> Likhang-sining (hindi ginawa sa panahon ng pagkakaganap ng pangyayari) <i>Music recordings</i>

APA Format

Libro:

Apelyido ng awtor, inisyal ng pangalan. (Taon). *Pamagat ng libro*. Lugar ng Publikasyon: Kumpanyang naglimbag ng libro.

Alexie, S. (1992). *The business of fancydancing: Stories and poems*. New York: Hang Loose Press.

Artikulo sa Diyaryo o Magasin:

Apelyido ng awtor, inisyal ng pangalan. (Petsa ng publikasyon). Pamagat ng artikulo. *Pangalan ng Diyaryo o Magasin*, Volume number (issue number kung available), mga pahina.

Henry, W. A., III. (1990, Abril 9). Making the grade in today's schools. *Time Magazine*, 135, 28-31.

Internet Source

Apelyido ng awtor, inisyal ng pangalan. (Petsa ng publikasyon). Pamagat ng artikulo. Nakuha noong buwan araw, taon, sa buong URL

Brown, J. (2002, Pebrero). *The safety of genetically modified food crops*. Nakuha noong Marso 22, 2005, sa http://www.hc-sc.gc.ca/english/protection/biologics_genetics/gen_mod_foods/genmodebk.html

Personal na Interbyu

Apelyido ng ininterbyu, inisyal ng pangalan. (Petsa). Personal na Interbyu.

Soriano, A. (2008, Abril 5). Personal na Interbyu.

- c. Pagpapayaman (30 minuto)
Magpagawa sa bawat grupo ng bibliograpiya para sa kanilang proyekto. Sa isang buong papel, ipasulat ang listahan ng kanilang mga sanggunian batay sa APA format.
- d. Pangwakas na Pagtataya (Isagawa kasabay ng Pagpapayaman)
Habang nagsusulat ang mga grupo, dapat ay umiikot ang guro para obserbahan ang kanilang pagsulat ng bibliograpiya. Kung may mali o kulang, dapat niya itong itsek, at kung tama naman, magbigay siya ng mga papuri.

Ikaapat na Araw

- a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)
Mamili ng mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 33 at 34

Linggo	33 at 34	Lunsarang Teksto	"Nagsimula sa Panahon ng Yelo" isang kabanata sa nobelang <i>Ang Sandali ng mga Mata</i> ni Alvin Yapan
Tema	Malaya Ako		
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)		PN4A	PN4Aa, PN4Ab, PN4Ad, PN4Ae, PN4Af
Pagsasalita (PA)		PA4A	PA4Ad
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB4A	PB4Ac
Pagsulat (PU)		PU4A	PU4Ab
Tatas		TA1-4C, TA1-4D	
Pakikitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A, EP1-4B	

LINGGO 33

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagguhit ng mga nauusong bagay (15 minuto)	Paglarawan ng pangunahing tauhan, paglarawan ng tagpuan at pagsuri sa pamagat (15 minuto)	Pagbubuo ng kabanata (15 minuto)	Talakayan tungkol sa pagpapauso ng mga bagay sa akda (15 minuto)			
Araw 2				Mga pangkatang gawain (30 minuto)	Presentasyon at talakayan ng mga gawain (30 minuto)		
Araw 3					Pagguhit ng isang ipapausong bagay (20 minuto)	Pagbubuo ng talakayan sa tema ng pagpapauso (10 minuto)	Pagsulat ng reaksiyon sa akda batay sa tema ng pagpapauso (30 minuto)

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 4				Pagtalakay ng mga mahahalagang pangyayari sa akda batay sa kasaysayan ng Filipinas (30 minuto)			
				Pagbasang muli ng akda (30 minuto)			

Pre-reading

a. Ang Anyo ng Nobela

Ihahanda ng guro ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng isang kabanata ng nobelang **Ang Sandali ng mga Mata**. Maaaring magpakita ang guro ng mga halimbawa ng nobela.

Mahalagang katangian ng isang nobela ang sumusunod:

- Karaniwang hindi totoo ang mga nobela at nagmula sa haraya o imahinasyon ng manunulat, ngunit maaaring may pinagbatayan itong totoong pangyayari o may kahawig sa mga totoong pangyayari.
- May balangkas ng kuwento ang isang nobela. Karaniwang sinusunod nito ang balangkas ng isang maikling kuwento ngunit mas marami lamang detalye o pangyayari.
- May tagpuan at mga tauhan din ang nobela. Ang tagpuan ay maaaring sa isang maituturing na totoong lugar o isang likhang-isip sa ngayon o hinaharap. Madalas na umiikot sa isa o ilang pangunahing tauhan ang nobela. Ang gawain at reaksiyon ng pangunahing tauhan sa mga pangyayari ay mahalaga sa nobela.
- Karaniwang detalyado ang paglalarawan ng mga tauhan, tagpuan, at pangyayari.
- Maraming bahagi o mas maliit na kuwentong tinatawag na kabanata ang isang nobela.

b. Maiikling Suring-Papel

Hahatiin ang klase sa apat na grupo. Magsusulat ng maiikling suring-papel ang bawat grupo pagkatapos nilang mabasa ang kabanata. Luulat nila ito sa susunod na linggo. Ang grupo na ang magtatakda kung kailan at saan nila gagawin ang maikling suring-papel.

- Ang unang grupo ay magsusulat ng maikling buod ng kabanata.
- Ang pangalawang grupo ay magsusulat ng paglalarawan ng tauhang si "Nene."
- Ang pangatlong grupo ay magsusulat ng paglalarawan sa tagpuan.
- Ang pang-apat na grupo ay magsusulat kung bakit ganoon ang pamagat ng kabanata.

I. Mga Kagamitan

Araw ng Pre-reading

- a. Kopya ng nobelang *Ang Sandali ng mga Mata* o anumang nobela

Unang Araw

- a. Bond paper o scratch paper
- b. Pangkulay at pangguhit

Ikalawang Araw

- a. Tsart ng mga negosyo ni Nene at *character profile*

Ikatlong araw

- a. Bond paper o scratch paper
- b. Pangkulay at pangguhit

Ikaapat na Araw

- a. Larawan ng mahahalagang pangyayari sa Filipinas na nabanggit sa akda (pananatili ng mga Amerikano sa Filipinas)

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (15 minuto)

Ipapares ang mga mag-aaral. Guguhit ang bawat pares ng mga bagay na uso ngayon o naging uso sa mga nakaraang taon. Magbabahagi ang lahat o ang ilang pares ng kanilang mga iginuhit. Ipaliliwanag nila kung ano ang bagay na iyon, bakit at paano ito naging uso.

- b. Introduksiyon (15 minuto)

Mag-uulat ang mga grupo tungkol sa kanilang maiikling suring-papel. Ang pagkakasunod-sunod ng mga mag-uulat ay pangalawa (pangunahing tauhan), pangatlo (tagpuan), at pangapat (pamagat).

- c. Presentasyon (15 minuto)

Mag-uulat ang unang grupo tungkol sa buod ng kabanata ngunit inaasahang nabasa na ng mga mag-aaral ang akda. Pagkatapos, hihimayin nila ang kuwento sa pamamagitan ng pag-iisa-isa sa mga mahahalagang pangyayari sa kabanata.

- d. Pagpapayaman (15 minuto)

Magkakaroon ng talakayan ang klase tungkol sa tema ng pagpapauso ni Nene ng mga sari-saring negosyo sa bayan ng Sagrada. Magiging gabay ang sumusunod na tanong sa talakayan:

- Ano-ano ang mga pinausong negosyo o gawain ni Nene? Paano ito lumaganap at paano ito lumaos?
- Bakit kaya pumatok sa kanilang bayan ang mga pinauso ni Nene? Ganito rin kaya ang dahilan kung bakit pumapatok ang mga nauuso sa kasalukuyan?
- Paano lumaos ang mga bagay na pinauso ni Nene sa akda? Ganito rin ba ang dahilan ng pagkalaos ng mga bagay sa ngayon?
- Anong katangian ng mga Filipino ang ipinapakita sa pagpapauso ni Nene? Ano ang magaganda at masasamang dulot nito?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Hahatiin sa tatlong pangkat ang klase.

- Unang grupo: Pupunan nila ang tsart ng mga pinausong gawain ni Nene.

MGA PINAUSO NI NENE		
<i>Larawan at Pangalan ng Bagay</i>	<i>Dahilan at Proseso ng Paglaganap</i>	<i>Dahilan at Proseso ng Paglaos</i>

- Pangalawang grupo: Gagawa sila ng profile ng mga tauhang sina Nene at Boboy.
- Pangatlong grupo: Gagawa sila ng profile ng mga tauhang sina Tiyong at Mr. Edwards.

<i>Larawan</i>	<i>Pangalan:</i> _____ <i>Edad:</i> _____ <i>Tirahan:</i> _____
<i>Papel sa mga Pinausong Gawain ni Nene:</i>	

<i>Dahilan ng Pagtulong o Pagtutol sa mga Gawain ni Nene:</i>	

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Ipaliliwanag ng isa o ilang miyembro ng bawat pangkat ang kanilang gawain. Tatalakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral batay sa akda. Iaangkla ang talakayan sa mga katangian na ipinakita ni Nene – na ang mga Filipino ay may kakayahang magpasimula ng isang pagbabago.

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (20 minuto)

Guguhit ang bawat pares ng mag-aaral ng mga bagay na ipauuso nila sa kanilang klase, paaralan, o pamayanan. Ipaliliwanag nila ito pagkatapos. Kailangan nilang isaalang-alang ang sumusunod:

- katangian ng bagay na kahihiligan ng mga tao
- paraan ng pagpapalaganap

b. Sintesis (10 minuto)

Bubuurin ng mga mag-aaral sa tulong ng guro ang mga mahahalagang nangyari sa akda at ang mensahe nito tungkol sa pagpapalaganap ng anumang bago sa pamayanan at pagtangkilik ng mga tao sa uso.

c. Pangwakas na Pagtataya (30 minuto)

Magsusulat ng maikling sanaysay ang bawat mag-aaral tungkol sa mga tanong sa ibaba:

- Sa ano pang paraan kaya maipapakita ng isang Filipino ang kakayahang magpasimula ng pagbabago? Magbigay ng mga halimbawa kung may nalalaman.
- Sa iyong tingin, maganda bang katangian ng mga Filipino ang hilig sa pagtangkilik sa mga uso? Bakit?

Ikaapat na Araw

PAALALA: Maaaring sundin ang sumusunod bilang angkop na gawain para sa pagtataya sa pagtataya o mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

a. Pagpapayaman (60 minuto)

Sisimulan nang papalalimin ang pagtalakay sa akda sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga pangyayaring kinasangkutan ng Filipinas sa totoong búhay. Maaaring magpakita ang guro ng mga larawan.

- Nanatili ang mga base militar ng Estados Unidos sa Filipinas kahit tapos na ang kanilang pananakop at ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bahagi ito ng kondisyon nila sa pagtulong sa Filipinas sa panahong inaayos ang bansa mula sa pagkawasak dahil sa digmaan. Ginawa itong base ng mga Amerikanong sundalo na lumaban sa Vietnam War dahil na rin sa lapit nito sa Vietnam.
- Kahit tapos na rin ang Vietnam War, nagpatuloy pa rin ang impluwensiya ng mga Amerikano sa mga Filipino. Maraming Filipino ang tumatangkilik sa mga produktong inangkat (imported) mula sa Estados Unidos (States). Nagkaroon din ng pagtangi ang ilang Filipino sa pag-aasawa ng mga Amerikano.

Ipapabasang muli sa mag-aaral ang akda. Pagkatapos ng ikalawang pagbasa, gagawa sila ng isang maikling suring-papel kung paano ipinakita sa kabanata ang impluwensiya ng Estados Unidos sa mga Filipino. Ipapasa ito sa susunod na linggo.

LINGGO 34

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1				Talakayan at pag-uulat tungkol sa impluwensiya ng mga Amerikano sa mga tauhan sa kuwento (30 minuto)	Mga pangkatang gawain (30 minuto)		
Araw 2					Presentasyon at talakayan ng mga gawain (20 minuto)	Pagbubuod ng talakayan (10 minuto)	Pagsulat ng sariling opinyon tungkol sa impluwensiya ng mga Amerikano (30 minuto)
Araw 3					Pangkatang gawain at Presentasyon (40 minuto)		Pagsagot sa mga bukas na pangungusap tungkol sa akda (20 minuto)

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 4				Paghahanda para sa proyekto (60 minuto)			

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Manila paper o cartolina
- Pangkulay at pangguhit

Ikatlong araw

- Manila paper o cartolina
- Pangkulay at pangguhit

Ikaapat na Araw

- Mga nakalap na impormasyon at kakailangang kagamitan para sa proyekto

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Pagpapayaman (30 minuto)

Magkakaroon ng talakayan ang klase tungkol sa paksang impluwensiya ng mga Amerikano sa mga tauhan sa akda. Gamit ang kanilang mga isinulat na suring-papel, titingnan nila ang impluwensiya ng mga Amerikano sa sumusunod na aspekto:

- pagpili ng mga produkto ng mga tao sa Sagrada
- pagkagusto nina Nene at Selya kay Mr. Edwards
- pananatili ni Edwards at iba pang Amerikano sa Filipinas
- pagtatayo ng negosyo ni Nene na kasosyo si Mr Edwards

- Pagpapalawig (30 minuto)


Hahatiin sa apat na pangkat ang klase:

- Unang grupo: Iguguhit nila ang sinasabi at totoong dahilan ng pagpunta ni Mr. Edwards sa bayan ng Sagrada. Magsusulat sila ng maikling paglalarawan sa ibaba ng bawat guhit.

*Sinasabing
Dahilan*

*Totoong
Dahilan*

- Pangalawang grupo: Gamit ang simpleng concept map, titingnan nila kung ano ang naging ugnayan ng mga tao sa Sagrada kay Mr. Edwards.



- Pangatlong grupo: Iguguhit at itatala nila ang mga natuklasang lihim ni Nene nang sumama siya kay Edwards pa-Maynila.
- Pang-apat na grupo: Iguguhit nila ang maaaring naging reaksiyon ni Nene nang malaman ang mga lihim ni Mr. Edwards.

Ikalawang Araw

a. Pagpapalawig (20 minuto)

Ipaliliwanag ng isa o ilang miyembro ng bawat pangkat ang kanilang gawain. Tatalakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral batay sa akda. Magiging gabay ang sumusunod na tanong sa talakayan:

- Bakit at paano nakuha ni Mr. Edwards ang loob ni Nene at iba pang tao sa Sagrada?
- May kahalintulad ba ang pamamaraan ni Mr. Edwards sa paraan ng pananakop ng mga Amerikano sa Filipinas?
- Bakit kaya umalis si Nene at sinabing hahanapin si Mr. Edwards?

b. Sintesis (10 minuto)

Bubuurin ng mga mag-aaral sa tulong ng guro ang mahahalagang nangyari sa akda at ang paksa nito tungkol sa impluwensiya ng mga Amerikano sa Filipinas na makikita sa akda.

c. Pangwakas na Pagtataya (30 minuto)

Magsusulat ng maikling sanaysay ang bawat mag-aaral tungkol sa kanilang opinyon sa pagtitiwala ni Nene at iba pa kay Mr. Edwards. Sino ba ang maaaring sisihin – si Nene o si Mr. Edwards?

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (40 minuto)

Hahatiin ang klase sa apat na grupo. Ang bawat grupo ay bubuo ng isang plakard tungkol sa kanilang opinyon sa mga kasalukuyang impluwensiya ng mga Amerikano sa Filipinas. Maaari silang tumutol o sumang-ayon, halimbawa, sa pagkakaroon ng mga pagsasanay ng mga sundalong Amerikano sa Filipinas, sa pag-angkat ng Filipinas ng maraming produkto sa Estados Unidos, o iba pang isyu sa kasalukuyan.

b. Pangwakas na Pagtataya (20 minuto)

Sa kani-kaniyang kuwaderno, dudugtungan nila ang sumusunod na pangungusap:

- Kung ako si Nene, ... tungkol sa pakikipagsosyo kay Mr. Edwards.
- Kung ako si Nene, ... tungkol sa pagpapakasal kay Mr. Edwards.
- Kung ako si Nene, ang gagawin ko pagkatapos maglaho ni Mr. Edwards ay ...
- Sa tingin ko, si Nene ay nasa ... dahil ...

Ikaapat na Araw

a. Proyektong Panturismo (60 minuto)

Patuloy sa paghahanda ang bawat grupo ng kanilang mga kailangan para sa proyekto. Maaari silang magpatulong sa guro sa pag-aayos ng mga nakalap na impormasyon. Maaari din silang maghanda ng mga kakailanganing kagamitan sa proyekto. Maaari din silang magsanay para sa presentasyon.

Buod ng Linggo 35

Linggo	35	Lunsarang Teksto	"Bagong Bayani" ni Joseph Salazar
Tema	Malaya Ako		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN4A	PN4Ac, PN4Ad, PN4Af	
Pagsasalita (PA)	PA4A, PA4B, PA4C	PA4Aa, PA4Ab, PA4Ac, PA4Ad, PA4Bb, PA4Ba, PA4Bc, PA4Bd, PA4Ca	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB4A	PB4Ad	
Pagsulat (PU)	PU4B	PU4Bb (a)	
Tatas	TA1-4A, TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 35

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagpapalawak ng talasalitaan (10 minuto) Concept mapping – OFW (10 minuto)	Pagbasa nang tahimik sa maikling kuwento (10 minuto)	Talakayan tungkol sa nilalaman ng maikling kuwento (20 minuto)	Paghahanda para sa pangkatang-gawain; pag-papakita ng rubrik (10 minuto)		
Araw 2				Maikling paghahanda para sa presentasyon (10 minuto) Presentasyon ng bawat pangkat; malayang talakayan tungkol sa itinanghal ng bawat pangkat (40 minuto)	Pagsulat ng maikling komposisyong nangatwiran tungkol sa kung ba-yani nga ba ang mga OFW o hindi – takdang-aralin (10 minuto)	Rubrik para sa pangkatang-gawain (Pag-iiskor ng guro sa gawain)

Araw	Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 3	Pagpapasa ng takdang-aralin; pagpapabasa sa ilang piling mag-aaral ng kanilang katha (15 minuto)	Talakayan tungkol sa kahulugan, katangian, at mga bahagi ng tekstong nangatwiran/nanghihikayat (10 minuto) Talakayan tungkol sa mga paraan ng pagbuo ng mahusay at mabisang panimula ng sanaysay na gagawin para sa proyektong panturismo (15 minuto)	Pangkatang-gawain: pagsulat ng panimula ng sanaysay para sa proyektong panturismo (20 minuto)			Rubrik para sa maikling komposisyong nangatwiran tungkol sa kabayanihan ng mga OFW Pag-eedit sa panimula ng sanaysay na ginawa ng bawat grupo
Araw 4						Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- Manila paper o kartolina
- Pentel pen
- Larawan ng OFW (kung wala'y maaaring gamitin na lamang ang akronim na OFW)
- Scotch tape/masking tape

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon (20 minuto)
 - Pagpapalawak ng Talasalitaan
Ipapaskil ng guro sa pisara ang Manila paper/kartolinang naglalaman ng mga sumusunod. Pagkatapos ay tumawag ng mga estudyanteng magsusulat ng sagot sa mga kahon. (Kung may learning package ang bawat mag-aaral, maaaring doon na lamang magsagot ang klase. Isulat na lamang ang tamang sagot sa pisara.)

Panuto: Punan mo ng mga letra ang mga kahon para mabuo ang salita o terminong tinutukoy sa bawat bilang.

1. kasingkahulugan ng limpak-limpak

		R			I			-						
--	--	---	--	--	---	--	--	---	--	--	--	--	--	--
2. kasingkahulugan ng nagkunwa

			K							I
--	--	--	---	--	--	--	--	--	--	---
3. kasingkahulugan ng pihado

	I				A		
--	---	--	--	--	---	--	--
4. kasingkahulugan ng umiinog

	M				O	
--	---	--	--	--	---	--
5. tawag sa mga Filipinong nagtatrabaho sa ibang bansa

				S								
			I						R			
6. opisyal na dokumentong nagpapahintulot sa isang tao upang makapaglakbay sa ibang bansa

					O		
--	--	--	--	--	---	--	--
7. awtorisasyon sa pasaporte para mapahintulatang makapasok, makapaglakbay, o umalis sa bansa ang may hawak nito

			A
--	--	--	---
8. ahensyang pinag-aaplayan ng mga gustong magtrabaho sa ibang bansa

			R					
			N					
9. ahensya ng gobyernong nag-aasikaso at sumusubaybay sa mga usapin ng pagtatrabaho ng mga Filipino sa ibang bansa


P												
O												
E												
A												
10. opisyal na tanggapan o opisina ng embahador o kinatawan ng ibang bansa sa isang bansa

	M			A				
--	---	--	--	---	--	--	--	--

2. Pagsuri sa Dating Kaalaman/Pagganyak

Ngayon naman ay itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:

Anong mga ideya, konsepto, o salita/parirala ang pumapasok sa isip mo kapag pinag-uusapan ang tungkol sa OFW? Isulat mo ang mga ito sa palibot ng bilog.



(Sa halip na akronim lamang ng OFW, maaaring maglagay ng larawan ng OFW sa gitna ng concept map)

b. Presentasyon (10 minuto)

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang maikling kuwento.

c. Pagpapayaman (20 minuto)

Talakayin ng klase ang mga sumusunod. Magtawag ng mga estudyanteng nais tumugon sa mga tanong. Tiyaking mahusay na maipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Itala sa pisara ang mga importanteng punto, impormasyon, o kaisipan.

1. Ilarawan mo ang mga sumusunod na tauhan ng kuwento. Sino sila? Ilahad mo ang kanilang mga katangian (prinsipyo/pananaw, ugali, damdamin, atbp.).

- Lea
- Aling Clara
- Ka Ore
- Mga kababayan

2. Paano pinahahalagahan ng mga kababayan niya si Lea? Bakit ganoon na lamang ang pag-uusap-usap nila tungkol sa dalaga? Ano ang ipinahihiwatig nito sa pagpapahalaga ng mga Filipino sa mga OFW sa kasalukuyan?

3. Sa talata pito at labing anim, bakit kaya nakinig nang maigi at hindi na nagsalita ang mga tao noong magkuwento si Ka Ore sa kasalan, kahit pa nga gusto rin nilang makausap si Lea at kahit na iniimbento na lamang ng matanda ang ilan niyang sinasabi?

4. Balikan ang talata dalawampu't isa. Kung talaga ngang sinunod ni Lea ang mga sinabi ni Ka Ore, bakit kaya siya na-reject? Magbigay ka ng iyong mga opinyon at hinuha hinggil dito.

5. Ano ang ibig sabihin ng huling pangungusap ng kuwento?

6. Bakit pinamagatang "Bagong Bayani" ang akda? Sa tingin mo, tama ba ito? Pangatwiran.

d. Pagpapalawig (10 minuto)

1. Paghahanda para sa pangkatang-gawain

Hatiin ang klase sa apat. Atasan ang bawat grupo ng gawain. Bigyan sila ng sampung minuto para makapag-usap-usap. Sabihan silang sa susunod na pagkikita ay magpepresenta na sila (magsisilbing takdang-aralin ang pangkatang-gawaing ito). Napakaraming maiinit na isyu tungkol sa pangigingibang-bayan ng mga Filipino. Bilang pagtugon sa tekstong iyong binasa, tatalakayin ninyo sa klase ang mga isyung ito sa pamamagitan ng mga pangkatang-gawain.

- Pangkat 1: Mga Panganib ng Pangingibang-bayan (Pagbabalita)

Maraming masasaklap na kinasasapitan ang marami nating mga kababayan sa ibang bansa. Ilan na rito ang pagbitay sa mga Filipino sa Tsina dahil sa usapin ng droga at ang mga kaguluhang nagaganap sa Kanlurang Asya. May mga niloloko rin ng *recruiting agencies* at nariyan din ang problema sa pang-aabuso at *human trafficking*.

Magsaliksik kayo ng lima o higit pang balita tungkol sa mga matinding problemang kinakaharap ng mga OFW sa ibang bansa maging dito sa Filipinas (sa kanilang pag-a-apply). Humanda kayo sa pag-uulat ng mga ito sa klase. Gumawa kayo ng isang *TV news program*. Maging malikhain kayo sa presentasyon (galingan ang pag-arte, lakasan ang boses sa pagsasalita, magsuot ng kostyum, magdala ng props).
- Pangkat 2: Ang Pamilya ng mga OFW (Dula-dulaan)

“Yung babae, ilaw ng tahanan, na siya ring maybahay (may-ari ng bahay). ‘Yung lalaki, haligi ng tahanan. Ano ang mangyayari sa bahay na walang ilaw kahit hindi system loss ng Meralco ang problema niya? E di madilim kahit araw. E, sang-ayon sa matatanda, kaya inimbento ang ilaw ay para walang pagtaguan ang mga kampon ng kadiliman. Pista lagi ang masasamang nilalang. Tapos, madilim na nga, tatanggalan pa ng haligi ang bahay. Ang buway na noon. Paano kung bahay ko ito? E, kung ganoon din sa bahay mo? Saka ‘yun pang mga kapitbahay natin? E, mga kamag-anak pa? Di sinlaki na iyon ng Filipinas?” – Jun Cruz Reyes, mula sa aklat niyang “*Ang Huling Dalagang-Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*” (2011)

Ano-ano ang nangyayari sa pamilya kung ang isang miyembro nito ay nawala? Sa pamamagitan ng dula-dulaan, ipaliwanag ninyo ang mga nagiging epekto sa pamilyang Filipino ng pangingibang-bayan ng isa o higit pa sa mga kasapi nito, lalo na ng mga magulang. Maging malikhain kayo sa presentasyon (galingan ang pag-arte, lakasan ang boses sa pagsasalita, magsuot ng kostyum, magdala ng props).

- Pangkat 3: Brain Drain? World Class Filipinos? (Debate)

Sa pangingibang-bayan ng mga Filipino, nagiging *world class* nga ba tayo? Sabi ng iba ay oo, dahil kung ikukumpara sa ibang mga lahi, dedikado at mahusay ang Filipino at talagang hinahangaan ng mga banyagang *employer*. Ngunit binabatikos naman ito ng iba dahil sa isyu ng *brain drain* – ang mga doktor ay nagiging nars, ang mga nars ay caregiver, ang mga titser ay domestic helper. Lumalaganap sa ibang bansa ang imahen ng Pinoy bilang mga “katulong” lamang dahil sa “mabababang” uri ng trabahong pinapasok nila.

Magpresenta kayo sa klase ng isang debateng tumatalakay sa masasalimuot na isyung ito. Maaari kayong magsagawa ng pormal na debate, balagtasang rap battle, o Fliptop. Maging malikhain kayo sa presentasyon (galingan ang pag-arte, lakasan ang boses sa pagsasalita, magsuot ng kostyum, magdala ng props).
- Pangkat 4: Kahirapan at Kawalan ng Trabaho sa Filipinas (Talk Show)

Kung may mga trabahong mapapasukan at maganda ang suweldo sa Filipinas, hindi naman aalis ng bansa ang mga Filipino. Mahirap ang buhay, kaya kahit masakit ang malayo sa pamilya, kaibigan, at bayang tinubuan, handang magtiis si Juan de la Cruz para mabuhay. Paano kaya masosolusyonan ang kahirapan at kawalan ng trabaho sa Filipinas? Magsaliksik kayo, magtanong-tanong, o kaya ay mag-usap-usap kayo sa grupo.

Ang inyong mga maiisip na solusyon ay ipresenta ninyo sa klase sa pamamagitan ng isang **talk show**. Maging malikhain kayo sa presentasyon (galingan ang pag-arte, lakasan ang boses sa pagsasalita, magsuot ng kostyum, magdala ng props).

Narito ang mungkahing rubrik na maaaring gamiting batayan sa pagmamarka ng pangkatang-gawain. Dapat na ipakita at ipaliwanag ito sa klase bago ang presentasyon (bago matapos ang unang araw).

Kategorya	Kayo na! (4-5 puntos)	Puwede na. (2-3 puntos)	Kulang pa... (0-1 puntos)
Nilalaman	Maraming inilahad na mga makabuluhang impormasyon; malinaw at malalim ang mga mensaheng inihatid sa mga manonood.	Sapat ang mga impormasyong inilahad. Makabuluhan ang mga mensaheng inihatid sa mga manonood.	Hindi sapat ang mga impormasyong ibinigay tungkol sa paksa; mababaw lamang ang mga mensaheng inihatid sa mga manonood.
Pagkamalikhain	Interesante ang paraan ng presentasyon (masigla, may pakulo /gimik, kawili-wili); may props at kostyum	Maayos ang paraan ng presentasyon subalit kulang sa sigla at pagkamalikhain.	Hindi kawili-wili at malikhain ang presentasyong ginawa.
Paghahanda, Pagdadala ng Sarili sa Tanghalan (Stage Presence)	Kabisado ang mga linya; alam na alam ang mga sasabihin; malakas ang boses; hindi natataranta at sa halip ay cool na cool lang sa presentasyon; nakahanda ang mga kostyum at props na gagamitin		Hindi alam ng mga miyembro ang kanilang sasabihin. Natataranta sila, mahina ang boses, at nahhirapang magsalita sa harap ng klase.
Pagkakaisa ng mga Kasapi	Kitang-kita sa presentasyong lahat ng mga miyembro ay may ginawa	May ilang miyembrong hindi tumulong sa presentasyon.	Hindi nagkaisa at nagtulungan ang mga miyembro.
Kabuuang Marka (20/20)			

Ikalawang Araw

a. Pagpapalawig (pagpapatuloy) (50 minuto)

1. Maikling paghahanda para sa pangkatang-gawain

Bigyan ng sampung minuto ang bawat pangkat upang makapaghanda sa kanilang mga presentasyon.

2. Presentasyon ng bawat grupo

Ngayon ay pagtanghalin na ang bawat grupo. Pagkatapos ng bawat presentasyon, dapat na magbigay ang guro ng mga puna o papuri; gayundin ay hikayatin ang mga manonood na magbigay ng reaksiyon sa pagtatanghal. Maaari ding iskoran ang grupo batay sa rubrik na inihanda (itala sa pisara ang iskor).

b. Sintesis (10 minuto)

Bilang paglalagom, itanong sa mga mag-aaral: bayani nga ba talaga ang mga OFW? Pagawin sila ng maikling komposisyong nangangatwiran tungkol dito. Ibigay ang gawaing ito bilang takdang-aralin. Ipasulat sa isang buong papel. Ipapasa nila ito sa susunod na pagkikita.

Ikatlong Araw

a. Panimulang Pagtaya/Pagganyak/Introduksiyon (15 minuto)

Ipapasa sa mga mag-aaral ang kanilang mga takdang-aralin. Maaaring pumili ng isa o dalawang mag-aaral na magbabasa nang malakas ng kanilang katha sa harap ng klase.

b. Presentasyon (25 minuto)

1. Isulat sa pisara ang mga salitang “nangangatwiran” at “nanghihikayat.” Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang mga naiisip nila tungkol sa dalawang salitang ito.
2. Ilista ang kanilang mga ideya sa tulong ng sapot, talahanayan, o iba pang *graphic organizer*. Ang mga konspeto nila ang magsisilbing depinisyon ng tekstong nangangatwiran/nanghihikayat.

Ilang mahahalagang kaisipang dapat na lumabas sa talakayan:

- May isang isyung pagtatalunan (paksa).
 - May mga argumento (may pinaniniwalaan o pinapanigang posisyon ang nangangatwiran).
 - Paninindigan sa argumento (dapat ay may mga fact o ebidensiyang susuporta sa argumento).
 - Mahusay na pangangatwiran gamit ang mga ebidensiya.
 - Pagbuo ng mga pahayag na may *impact* para makapanghikayat.
3. Pagkatapos ay ilahad ang tatlong bahagi ng tekstong nangangatwiran/nanghihikayat:
 - Panimula – paglalahad ng isyu/paksa at ng pinapanigang posisyon
 - Katawan – pag-iisa-isa ng mga ebidensiya, mahusay na paninindigan at pangangatwiran gamit ang mga ebidensiya
 - Wakas – pagbuo ng pangwakas na pahayag na may impact at mag-iiwan ng kakintalan sa manonood/mambabasa para makapanghikayat
 4. Sunod ay sabihin sa kanila na ang kanilang huling proyekto ay pagsulat ng sanaysay na naglalahad, nangangatwiran, at nanghihikayat para sa kanilang proyektong panturismo.
 5. Para sa sesyong ito, pagtutuunan ng klase ang paggawa ng panimula/introduksiyon para sa sanaysay. Sabihin sa mga mag-aaral na ang kanilang panimula ay hindi dapat nakababagot at sa halip ay nakapupukaw kaagad ng pansin ng mambabasa. Narito ang ilang mungkahing paraan ng paggawa ng panimula:
 - Pagtatanong
 - Pagbanggit ng salawikain/quotation
 - Pagsulat ng isang diyalogo o usapan
 - Pagsasalaysay ng personal na karanasan
 - Paglalahad ng maikling kasaysayan sa likod ng paksa
 - Paggamit ng mga sambitla o ekspresyong nakagugulat

c. Pagpapayaman (20 minuto)

Ngayon ay hatiin ang klase batay sa kanilang mga pangkat para sa proyekto. Pagawin sila ng panimula (isang talata) para sa kanilang sanaysay. Isang $\frac{1}{2}$ crosswise na papel lamang para sa bawat grupo.

d. Pangwakas na Pagtataya

- a. Narito ang mungkahing rubrik para sa komposisyong nangangatwirang isinulat ng bawat estudyante.

	MAHUSAY	PUWEDE NA	KULANG PA
WASTO ang balarila.	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkakamaling hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkakamaling nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
IISA ang tinutungo ng bawat pangungusap. Walang pangungusap na sablay sa paksa.	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkakamaling hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkakamaling nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
MAAYOS ang daloy. Lohikal ang pagkakasunud-sunod ng pangungusap.	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkakamaling/pagkukulang na hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkakamaling/pagkukulang nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
MADULAS basahin. Gumamit ng mga angkop na pandugtong na salita.	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkakamaling/pagkukulang na hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkakamaling/pagkukulang nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
MABISA ang pagkakapahayag sa damdamin at nilalaman ng mensahe sa madlang pinag-uukulan.	Di-malilimutan ang sinabi dahil nakaaantig sa damdamin at tumatatak sa isip.	May mga pagkakataong tumatalab sa damdamin at tumatatak sa isip ang sinabi.	Madaling malimutan ang sinabi dahil wala o halos walang talab sa damdamin at hindi tumatak sa isip.

- b. Para naman sa pangkatang pagsulat ng panimula ng sanaysay, maaaring ipaedit ng guro ang mga katha sa mga grupo – magpapalit-palit sila ng kanilang mga ginawa. Pagkatapos ay ipapasa ito sa guro para sa pinal na mga puna. Pagkatsek ng guro ay isasauli niya ito sa mga grupo para maisapinal nila ang kanilang introduksiyon sa sanaysay para sa proyektong panturismo.

Ikaapat na Araw

- a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili para sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

- b. Takdang-aralin

Basahin ang “Bayan Ko: Laban o Bawi” ni Jose F. Lacaba. Nilagyan ng mga talababa ang mga binanggit na salitang baka hindi ninyo maintindihan. Gamitin kung kailangan.

Buod ng Linggo 36

Linggo	36	Lunsarang Teksto 1	"Bayan Ko: Laban o Bawi?" ni Jose F. Lacaba
Tema	Malaya Ako	Lunsarang Teksto 2	Balita sa estasyong AM
Batayang Pangnilalaman		Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)		PN4A	PN4Aa, PN4Ab, PN4Af
Pagsasalita (PA)		PA4A, PA4B, PA4D	PA4Ac, PA4Ad, PA4Ba, PA4Bb, PA4Bc, PA4Bd, PA4Da, PA4Db, PA4Dc, PA4Dd
Pag-unawa sa Binasa (PB)		PB4A	PB4Ad
Pagsulat (PU)		PU4B	PU4Ba
Tatas		TA1-4B, TA1-4D	
Pakikitungo sa Wika at Panitikan		PW1-4A, PW1-4B	
Estratehiya sa Pag-aaral		EP1-4A	

LINGGO 33

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Paglalaro ng binagong bersiyon ng "LABAN o BAWI" (25 mintuto)		Sama-samang pagbabasa/ pagnamnam/pag-uugnay (35 minuto)				
Araw 2			Pagpapatuloy ng sama-samang pagbabasa/ pagnamnam/ pag-uugnay; Pananaliksik at pagsasanay para sa iuulat na balita (60 minuto)				
Araw 3				Pag-uulat ng balita (60 minuto)			
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

- a. Pitong sobrang kayumanggi (brown envelope) na may dalawang puting papel (bond paper) sa loob: may nakasulat na "0" sa isa at "1" sa isa pa
- b. Mga puting papel na may nakasulat na:
 - paboritong pagkaing Filipino
 - lugar kung saan ka lumaki
 - responsibilidad sa bayan
 - magamit ang sariling wika
 - makasama ang barkada
 - makasama ang pamilya
- c. Polyeto (*learning activity sheet*) ng "Bayan Ko, Laban o Bawi" para sa mga estudyante
- d. Mikropono at karaoke kung mayroon
- e. Tunog na pamutol ng mga balita sa radyo (*filler sound effect* o musika)
- f. Manila paper para sa huling *visual aid*

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Introduksiyon (25 minuto)
 1. Ilagay ang klase sa sumusunod na sitwasyon:
"Maglalaro tayo ngayon ng Laban o Bawi. Sa mga sobrang ito ay may anim na "0" at isang "1." Kung saan matapat ang "1," iyon ang makukuha ninyo. Halimbawa, kung nasa unang sobrang sa kanan ang "1," isang dolyar lang ang makukuha ninyo. Kung nasa ikaapat na sobrang, isang libong dolyar. Kung nasa dulong kaliwa, isang milyong dolyar."
 2. Papiliin ang klase ng ayos ng mga sobrang katulad ng ginagawa sa totoong *game show*. Walang kaso kung saan nakalagay ang anumang sobrang dahil kung saan mo gustong palitawin ang "1" doon ito lilitaw. Tiyakin lang na hindi makikita ng klase na may naiwang papel sa loob. Magagawa ito kung likod ng sobrang ang nakaharap sa klase at nakatiklop na nang palooob ang takip nito. I-teyp ang mga sobrang ayon sa pinili ng mga estudyante. Lagyan ng simbulo ng dolyar sa kaliwang banda ng huling sobrang sa kaliwa.
 3. Ituloy ang eksena:
"Ngayon, bibigyan ko kayo ng mga bagay na kapalit ng perang posibleng makuha mo. Sabihin ninyo "LABAN" kung kukunin pa rin ninyo ang pera at "BAWI" kung kukunin na ninyo ang mga ibinigay ko sa halip na pera." Para hindi masyadong maingay, maaaring magtaas ng kamay at ang manalong boto ang mananaig. Maaari ding patayuin ang mga pipili ng "Bagay" at manatiling nakaupo ang mga pinipili ang "Pera." (Baliktad ang nasa sulatin: laban ang pananatili sa Pinas at bawi ang pag-alis. Prosesuhin na lang mamaya.)
 4. Ibigay sa kanila ang unang papel, ayon sa pagkakasunod-sunod sa listahan ng materyales (bale "paboritong pagkaing Filipino" ang una). Tanungin sila kung: LABAN o BAWI? Kapag pinili nila ang BAWI, tapos na ang laro. Kapag pinili nila ang LABAN, buksan ang unang "0" sa kanan.
 5. Isa-isang ilabas ang mga bagay bilang pagpipilian. Isa-isa ring palabasin ang mga "0" mula sa kanan. Ang huling pagpipilian ay isang milyong dolyar o "makasama ang pamilya." Dito lang palabasin ang "1" kung piliin nila ang Pera.
 6. Sa sandaling piliin nila ang pera, punitin ang mga papel ng mga ipinagpalit. Kapag pinili naman nila ang mga hindi-pera, tapos na ang laro at magsisimula ang pagpoproseso.
 7. Magtalakayan gamit ang mga tanong ito:
 - Malaya kang piliin ang landas mo. Bakit ninyo pinili ang pera/mga bagay?
 - Ano ang pakiramdam ngayong pinili mo na ito?
 - Paano kung totoo ito at ikaw na talaga ang contestant?
 - Totoo bang nangyayari ang pamimiling ito sa ating bansa?

- May kakilala ka bang pumili na ng LABAN at nanatili sa bayan o BAWI at nangibang-bayan na lang? (Baliktad ang laro at ang artikulo.)

b. Presentasyon (35 minuto)

Sama-samang pagbabasa/pagnamnam/pag-uugnay

1. Basahin o ipabasa nang malakas ang bawat talata ng akda.
2. Pagkatapos basahin ang bawat talata, hayaang magtanong ang mga estudyante kung:
 - may salitang malabo;
 - may detalyeng binanggit na di na nila alam;
 - may idiyomang di na nila ginagamit.
1. Para rin sa bawat talata, itanong sa kanila:
 - Sa isang salita, parirala, o pangungusap, ano ang punto ng talatang ito? Ano ang sinasabi nitong iba sa sinasabi ng ibang talata? Isulat ito sa espasyo sa ilalim ng bawat talata.
2. Para sa mga talatang angkop, itanong din:
 - Anong alam ninyong balita o narinig ninyo sa radyo ang kahawig ng sinasabi rito ngayon?
 - Ano ang nagpapaganda sa pagkakasulat ng talatang ito? May dating ba sa iyo ang talata? Bakit? Nakakatawa ba? Malinaw? Sarkastiko? May idiyoma ba, tayutay, o talinghaga?
3. Pagkatapos ng lahat ng talata, itanong:
 - Ano ang naging pasya ng nagsasalita?
 - Seryoso ba siya? Nagbibiro?
 - Matanda na si Jose Lacaba noong isulat niya ito. Tila yata tapos na ang pagpapasya niya ukol dito at pinili niya ang Filipinas. Bakit kaya niya sinabi ang lahat ng masasamang bagay tungkol sa Filipinas?

Pagbibigay ng takdang-aralin:

Tayo naman ang maghahanap ng dahilang manatili sa ating bansa at sa ating bayan.

1. Magsaliksik ng isang mabuting balita tungkol sa ating bansa/inrong bayan/inrong komunidad/inrong paaralan. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng:
 - pakikinig sa radyo;
 - pagbabasa ng pahayagan;
 - panood ng telebisyon;
 - pagtatanong sa matatanda sa komunidad;
 - pagtatanong sa mga nakaalam sa paaralan;
 - pagsasaliksik sa internet (Subukin ang <http://www.inquirer.net/specialreports/thegoodnews/>); at
 - pagsasaliksik sa aklatan.
2. Dapat medyo bago ang balita. Kung luma na, sana wala masyadong nakaalam.
3. Isulat ang mabuting balita ninyo sa ¼ papel. Ilagay rito kung sino ang nagsaliksik at kung saan nanggaling ang impormasyon.
4. Magsanay kasama ng kaklase at maghanda ng isa hanggang dalawang minutong ulat tungkol sa balitang ito. Gagawin ang ulat sa porma ng balitang panradyo. Para kayong dalawang *announcer* sa radyo na nag-uusap ukol sa isang nabalitaan. Gumawa ng iskrip kung kinakailangan. **TIYAKING TATATAK SA ISIP NG BAWAT KAKLASE ANG INYONG BALITA. GAWIN ANG ANUMANG (hindi masamang) PARAAN PARA MANGYARI ITO.**
5. Mamarkahan kayo batay sa Rubrik ng Pagbigkas.
6. Para hindi magdoble-doble ang balita, magpalista kayo sa akin (o sa isang pinuno ng klase). Ang unang magpalista ng isang pirasong balita, kanila iyon at hindi na maaagaw pa ng mga susunod na magpapalista. Gagawin ang pagpapalista sa pamamagitan ng pagpapasa ng inyong ¼ papel.
7. Magdala ng larawan/guhit ng paborito mong bagay/tanawin/tao sa Filipinas.

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (60 minuto)

1. Ipagpatuloy ang sama-samang pagbabasa/pagnamnam/pag-uugnay sa teksto kung hindi natapos noong unang araw.
2. Maaaring pagguhit, pagsasaliksik, pagpapalista, at pag-eensayo ang gawin sa ikalawang araw.
3. Para sa araw na ito, maaaring magdala ng radyong pakikinggan ng ilang estudyante para makasagap ng mabuting balita.
4. Samantala, kolektahin ang mga larawan/guhit para sa huling *visual aid* ng linggo.

Ikatlong Araw

a. Pagpapayaman at Pagpapalawig (60 minuto)

1. Maghanda ng dalawang upuan sa harapan ng klase. Kung mayroon, dito gamitin ang mikropono at karaoke upang mas marinig at mas magtunog ulat sa radyo. Kung mayroon din, maaaring gumamit ng mga tunog o musikang ginagamit sa radyo para maputol ang mga bahagi ng balita. Kahit ang sinasabing “Saksi sa dobol B!!!” o anumang parang ganoon. Kung hindi, mag-imbento na lang ng pamutol sa mga ulat habang nagpapalit ng mga estudyanteng uupo sa harapan.
2. Gamitin ang Rubrik na ito:

RUBRIK ng PAGSASALITA/PAGBIGKAS

	NAPAKAGALING!	NAGAGAWA NA!	MAGSIKAP PA!
TAMA ang BIGKAS sa lahat ng SALITA. (Pronunciation)	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkakamaling hindi labis na nakaapekto sa bisa ng pagsasalita.	May mga pagkakamaling nakaapekto sa bisa ng pagsasalita.
DINIG na DINIG. (Volume)	Dinig na dinig ng buong silid-aralan ang lahat o halos lahat ng sinabi.	Dinig ng buong silid-aralan ang karamihan ng sinabi.	May mga bahaging hindi marinig na nakaapekto sa bisa ng pagsasalita.
May ANGKOP na DIIN at DAMDAMIN. (Interpretation/ Non-verbal Communication)	Nailagay sa isip at damdamin ng madla ang buo o halos buong mensahe at emosyon ng akda.	May mga sandali ng matinding damdamin at malinaw ang mensahe.	Kailangan pang dagdagan ng buhay ang pagsasalita.
Buo ang KUMPIYAN-SA at NAAABOT ang bawat kausap. (Confidence/ Audience Rapport)	Buo ang kumpiyansa at kinakausap talaga ang madla.	May bahagya pang pag-aalangan at may mga bahagi ng madlang kailangan pang abutin.	Matindi pa ang pag-aalangan at maliit pa ang bahagi ng madlang kinausap.
ALAM na ALAM ang SINASABI. (Mastery of Content/ Genre Conventions)	Halatang magaling/naghanda sa paksa/gawain.	Magaling/handa sa malaki-laking bahagi ng sinasabi.	May kailangan pang alamin/ensayuhin sa sinasabi.

A. Paglalagom

Nagsimula tayo sa isang laro kung saan nakita natin ang mga bagay na ipinagpapalit natin kung sakaling mangingibang-bayan tayo. Pagkatapos, tiningnan natin lahat ng mga bagay na kailangang baguhin sa Filipinas. Huli nama’y dinagdagan natin ang mga dahilan natin para manatili.

(Ipakita ang huling *visual aid*=isang mapa ng Filipinas na gawa sa mga bagay na paborito nila at, kung kailangan pa, mga ¼ papel nila ng mabuting balita.)

Sa huli, isang personal na desisyon ang pananatili o hindi. Pero kailangang itanong mo sa sarili kung ano ang handa kang bawiin sa'yo at kung ano ang ipaglalaman mo nang patayan.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili sa mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 37

Linggo	37	Lunsarang Teksto	"Pulangi: Ang Ilog na Humubog sa Maraming Henerasyon" ni Nash Maulana (mula sa librong <i>Regional Profiles: People and Places</i>)
Tema	Mga Tunggalian		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN4A	PN4Aa, PN4Ab, PN4Ad, PN4Ae, PN4Af	
Pagsasalita (PA)	PA4A, PA4D	PA4Ac, PA4Ad, PA4Db, PA4Dc, PA4Dd	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB4A	PB4Ac	
Pagsulat (PU)	PU4B	PU4Ba, PU4Bc, PU4Bd, PU4Be	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 37

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1		Pagguhit (15 minuto)	Pagbasa ng akda (15 minuto)	Talakayan tungkol sa binasa (30 minuto)			
Araw 2		Anyo ng panitikan (5 minuto)	Paghahambing ng katha at di-katha (25 minuto)	Pangkatang gawain (30 minuto)			
Araw 3						Pagsulat ng di-katha (60 minuto)	
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Papel at pangkulay
- b. Kopya ng "Pulangi: Ang Ilog na Humubog sa Maraming Henerasyon"

Ikalawang Araw

- a. Halimbawa ng katha at di-katha

Ikatlong Araw

- a. Papel at panulat

II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Introduksiyon (15 minuto)
Bigyan sila ng papel at pangkulay upang sila'y makaguhit ng isang bagay o lugar na nagbabalik ng mga alaala ng kanilang pagkabata. Hayaang makapagbahagi ang ilan sa mga mag-aaral ng kanilang mga iginuhit na alaala.

- b. Presentasyon (15 minuto)
Ipabasa ang akdang, "Pulangi: Ang Ilog na Humubog sa Maraming Henerasyon."

- c. Pagpapayaman (30 minuto)
Magsimula ng isang talakayan tungkol sa akda. Ipalarawan sa mga mag-aaral ang Ilog Pulangi. Tanungin sa kanila ang mga sumusunod:

- Ano ang paksa ng akda? Anong mga pangunahing ideya ang nakapaloob sa akda?
- Ano ang okasyon o sitwasyon na kinalalagyan ng may akda na nag-udyok sa kaniyang magsulat tungkol sa paksa?
- Sino ang mambabasa?
- Ano ang pakay ng akda?
- Sino ang may-akda? Batay sa akda, anong masasabi mo tungkol sa may-akda?

Walang iisang sagot sa mga tanong na ito at maaaring pagdebatihan/pagtalakayan ang iba't ibang kasagutan. Tanungin din sila: anong papel ang ginampanan ng Ilog Pulangi sa mga alaala ng may-akda?

Dalhin ang talakayan sa anyo ng akdang binasa. Anong anyo ng panitikan ang "Pulangi?" Ipapaliwanag sa mga mag-aaral ang kanilang sagot.

Ikalawang Araw

- a. Introduksiyon (5 minuto)
Balikan ang akdang binasa noong unang araw. Anong anyo ng panitikan ito?
- b. Presentasyon (25 minuto)
Magdala ng isang halimbawa ng katha at di-katha. Ipabasa sa mga mag-aaral. Paghambingin sila ng dalawang akdang inyong dala. Ano-ano nga ba ang katangian ng di-kathang teksto? Ituro ang mga katangian ng di-kathang teksto:
 - Maraming impormasyong dapat intindihin at alalahanin sa akdang di-katha.
 - May mga salitang hindi madaling intindihin sa akdang di-katha.
 - May mga tsart, mapa, dayagram o retratong may pangalan ang di-kathang akda para lalo itong maintindihan.
 - Maaaring may mga salitang iba ang font (bold o italic) kung ang mga ito ay mahalaga o dapat tandaan.
 - Maaaring may pangalan ang mga seksiyon at kabanata ng di-katha.
- c. Pagpapayaman (30 minuto)
Ipagpangkat-pangkat ang klase. Magkakaroon ng talakayan ang bawat grupo tungkol sa pagbasa ng katha at di-katha. May pinagkaiba nga ba ang pagbasa ng di-katha sa katha?

May pinagkaiba ba ang pagbasa ng isang kuwento sa pagbasa ng isang recipe sa pagluto? Sabihan din ang bawat grupo na magbahagi ng kanilang mga personal na karanasan sa pagbasa ng di-katha. Ano-anong uri ng di-katha ang kanilang regular na binabasa? May binasa ba silang di-katha kamakailan na lubos nilang nagustuhan o naging kapaki-pakinabang sa kanila? Bilang takdang-aralin, pagsaliksikin sila tungkol sa isang anyong lupa, anyong tubig, landmark, o gusali sa kanilang bayan.

Ikatlong Araw

a. Sintesis (60 minuto)

Tulad ng akda tungkol sa Ilog Pulangi, pasulatin sila ng di-katha tungkol sa nasaliksik nilang anyong lupa, anyong tubig, landmark o gusali. Ipakuwento rin sa kanila sa loob ng kanilang mga akda ang kanilang mga personal na karanasan hinggil sa napili nilang paksa, o di kaya'y mga opinyon tungkol sa mga isyung kinasasangkutan ng mga paksang ito sa kasalukuyan (hal. polusyon sa isang anyong tubig, pagiging masyadong bukas sa turista ng isang landmark).

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili ng mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 38

Linggo	38	Lunsarang Teksto	"Obra" ni Kevin Bryan Marin
Tema	Malaya Ako		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN4A	PN4Ag, PN4Ah	
Pagsasalita (PA)	PA4A, PA4B, PA4C	PA4Aa, PA4Ac, PA4Ad, PA4Bc, PA4ABd, PA4Cb	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB4A	PB4Ac	
Pagsulat (PU)	PB4A	PB4Ad	
Tatas	TA1-4A, TA1-4B, TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A		

LINGGO 38

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	"Toy Story" (5 minuto)	Palawigin ang imahinasyon (10 minuto)	Dugtulang -Pagsasalaysay (5 minuto)	Talakayan (25 minuto)	Pagsulat (15 minuto)		
Araw 2	Pagbabalik-aral (5 minuto)			Talakayan (20 minuto)	Pangkatang Gawain (35 minuto)		
Araw 3		"Gladiator" (15 minuto)		Talakayan: "Spoliarium" (20 minuto)	Pangkatang Gawain (10 minuto)	Para sa bayan? (5 minuto)	Pagsulat (10 minuto)
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng pelikulang, "Toy Story"
- Kopya ng "Obra"
- Papel at panulat

Ikalawang Araw

- Kopya ng "Obra"

Ikatlong Araw

- Kopya ng "Gladiator"
- Larawan ng "Spoliarium"

II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (5 minuto)
Magpalabas ng isang clip ng pelikulang, "Toy Story."
- Introduksiyon (10 minuto)
Ang pelikulang, "Toy Story" – ang nakaaaliw na konseptong binuhay ang mga laruan na karaniwa'y binubuhay lamang ng mga batang naglalaro rito.

Pag-usapan ang pelikulang ito.

Palawigin pa ang imahinasyon. Anong mga bagay ang magandang magkaroon ng buhay? Bakit ito ang piniling lagyan ng buhay?

- Presentasyon (5 minuto)
Inaasahang nabasa na ng mga mag-aaral ang unang dalawang tagpo ng dulang "Obra."
Gawin ang dugtungang-pagsasalaysay
- Pagpapayaman (25 minuto)
TALAKAYAN:
 - Ano ang katangian ni Maksimo? Valentin? Eugenio?
 - Akma ba ang pangalan nila sa kanilang katauhan? Bakit?
 - Ano ang pangunahing tunggalian ng kuwento?
 - Itinuring nina Valentin na ang kuwadro ay isang kulungan. Bakit?

5. Ano ang tinutukoy nilang "labas"?
6. Ano-ano ang layunin nina Valentin, Maksimo, at Eugenio kaya nila nais lumabas?
7. Sino si Vito? Ano ang kaniyang papel sa kulungan?
8. Pansinin ang mga anino. Kaunti lang ang kanilang diyologo sa kabuuan ng dula.
Ano ang halaga ng kanilang mga sinabi? Ano ang lumalabas na papel nila sa dula?

e. Pagpapalawig (15 minuto)

PAGSULAT: May pangarap ka bang gustong-gusto mong maabot? Ano ito? Bakit nais mo itong maabot?

f. Takdang-Aralin

Basahin ang ikatlong tagpo at epilogo ng dula. Ano ang tanging paraan upang makalabas sa itinuturing nilang kulungan?

Ikalawang Araw

a. Panimulang Pagtaya (5 minuto)

Pagbabalik-aral sa nakaraang sesyon.

b. Pagpapayaman (20 minuto)

TALAKAYAN:

1. Ano ang kailangang gawin ni Valentin upang makalabas ng kulungan?
2. Bakit kaya si Valentin ang napili ni Vito na magtagumpay sa kaniyang pagsubok?
3. Ano ang naging kapalit ng tagumpay para kay Valentin?
4. Sa huli, ano ang tunay na naging silbi ni Valentin kina Vito?

c. Pagpapalawig (35 minuto)

PANGKATANG GAWAIN: Pag-usapan.

1. Sa inyong palagay, ano-anong harang/hadlang ang inyong makakaharap sa pag-abot ng inyong pangarap?
2. Sa anong punto kayo maghuhudyat na dapat nang tumigil sa paghabol sa inyong pangarap?

Bigyang pagkakataon ang bawat pangkat na iulat ang kanilang napag-usapan.

d. Takdang-Aralin

Magsaliksik ukol sa obra maestra ni Juan Luna na "Spoliarium." Tungkol saan ang larawan?

Ano ang maaaring layunin ng pintor sa iginuhit niya?

Ikatlong Araw

a. Introduksiyon (15 minuto)

Pagpapakita ng isang *clip* ng pelikulang "Gladiator" (na babagay sa edad ng baitang 7).

Tungkol saan ang pelikulang ito?

Paano mamuhay ang mga mandirigma sa mundong ito?

Para saan ang pakikipaglaban ng mandirigma sa loob ng isang koliseo?

b. Pagpapayaman (20 minuto)

Pagpapakita ng obrang "Spoliarium" ni Juan Luna.



1. Sa paanong paraan nauugnay ang pelikulang Gladiator sa “Spoliarium”?
 2. Ano ang kahulugan ng salitang *spoliarium*?
 3. Sino ang lumikha ng obrang ito? Ano ang kuwento sa loob ng larawang ito?
 4. Ano ang nais niyang ipahayag sa likod ng larawang ito?
 5. May kaugnayan ba ang *spoliarium* sa kuwentong naipahayag ng dula? Bakit?
 6. Ano ang kahulugan ng salitang obra? Nababagay ba siyang pamagat ng dulang ito?
- c. Pagpapalawig (10)
PANGKATANG-GAWAIN: Pag-usapan ang dalawang pahayag.

“...the fact remains that when Luna and Felix Resurrection Hidalgo won the top awards in the Madrid Exposition of 1884, they proved to the world that indios could, despite their supposed barbarian race, paint better than the Spaniards who colonized them.” (Ambeth R. Ocampo, “Rizal Without the Overcoat” 2000)

“Luna’s Spoliarium with its bloody carcasses of slave gladiators being dragged away from the arena where they had entertained their Roman oppressors with their lives...stripped to satisfy the lewd contempt of their Roman persecutors with their honor...” Rizal was footnoted in his speech that the Spoliarium, “embodied the essence [sic] of our social, moral and political life: humanity in severe ordeal, humanity unredeemed, reason and idealism in open struggle with prejudice, fanaticism and justice...” (Leon Ma. Guerrero, “The First Filipino” 2007)

- d. Sintesis (5 minuto)
Ano ang nais ipahiwatig ng dalawang pahayag para sa bayang Filipinas?
- e. Pangwakas na Pagtataya (10 minuto)
PAGSULAT: Sa paanong paraan ako maipagmamalaki ng bayan ko?

Ikaapat na Araw

- a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)
Mamili ng mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

Buod ng Linggo 39

Linggo	39	Lunsarang Teksto	“Bertdey ni Guido” ni Rene Villanueva (Dula)
Tema	Malaya Ako		
Batayang Pangnilalaman	Batayang Kakayahan	Lingguhang Tunguhin	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN4A	PN4Ah	
Pagsasalita (PA)	PA4D	PA4Dd	
Pag-unawa sa Binasa (PB)	PB4A	PB4Ab, PB4Ac	
Pagsulat (PU)	PU4B	PU4Be	
Tatas	TA1-4C, TA1-4D		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

LINGGO 39

Araw	Panimulang Pagtaya	Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	(Gagawin sa Linggo 38)	Maikling talakayan tungkol sa EDSA Revolution (10 minuto) Paghahanda para sa maikling dula (5 minuto)	Pagsasadula ng “Ang Bertdey ni Guido” (20 minuto)	Talakayan tungkol sa dula (10 minuto)	Paggawa ng plano para sa kaarawan at pagbabahagi nito sa klase (15 minuto)		
Araw 2			Talakayan tungkol sa kahalagahan ng kalayaan at Martial Law (15 minuto)		Paggawang collage tungkol sa kalayaan (30 minuto)	Pagbabahagi ng mga pares/grupo ng kanilang collage (15 minuto)	
Araw 3			Talakayan tungkol sa mga posibleng epekto ng EDSA revolution sa mga kabataan noon tulad ni Guido at ngayon tulad ng mga mag-aaral (10 minuto)			Pagsulat ng sanaysay tungkol sa EDSA Revolution na may kasamang guhit (30 minuto)	Pagbabahagi ng sanaysay sa klase at pagkabit nito sa bulletin board/dingding o sa labas ng silid-aralan (20 minuto)
Araw 4							Pagtataya sa Pagtataya (60 minuto)

I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Mga gagamitin para sa dula

Ikalawang Araw

- Lumang magasin
- Gunting
- Pandikit
- Makukulay na panulat

Ikatlong Araw

- Papel at panulat para sa sanaysay

II. Pamamaraan

Bago ang linggong ito, aatasan na ang klase na maghanda para sa dula. Ibibigay sa kanila ang dulang "Ang Bertdey ni Guido." Maaari silang pumili kung sino sa klase nila ang mga gaganap sa dula at ang iba naman ay tutulong sa paghahanda ng mga kagamitan at iba pa.

Unang Araw

a. Introduksiyon (15minuto)

Magpapakita ang guro ng isang larawan o maikling palabas tungkol sa EDSA Revolution. Tatalakayin ng klase kung ano ba ang mga nangyari noong panahong iyon. Maaari ding magbigay ng opinyon o saloobin ang mga mag-aaral tungkol doon. Pagkatapos, bibigyan sila ng ilang minuto upang maghanda para sa kanilang dula.

b. Presentasyon (20 minuto)

Ipapakita na ng klase ang kanilang inihandang dula ng "Ang Bertdey ni Guido."

c. Pagpapayaman (10 minuto)

Magkakaroon ng talakayan tungkol sa dula. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang magaganap na pangyayari sa buhay ni Guido at bakit ito mahalaga sa kaniya?

2. Ano ang mga naging balakid sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan?

3. Noong panahong iyon, alam kaya ng mga bata ang nangyayari sa ating bansa? 4. Ano

kaya ang iniisip ng mga magulang ni Guido habang sila ay nasa EDSA?

5. Ano kaya ang nararamdaman ni Guido sa kakaibang pagdiriwang ng kaniyang kaarawan?

6. Ano ang ginampanang papel ng mga kabataan noong panahong iyon?

7. Kung ikaw si Guido, ano ang iyong gagawin kung nasa ganoong pagkakataon ka?

8. Paano naging mahalaga ang pagiging malaya sa isang batang tulad ni Guido?

9. Sa inyo, mahalaga ba ang kalayaan? Bakit o bakit hindi?

d. Pagpapalawig (15minuto)

Kung ikaw ay nasa isang malayang lugar at sitwasyon, anong klaseng kaarawan ang nais mo?

Gumawa ng plano tungkol dito. Isulat at iguhit ang iyong naiisip na kaarawan. Pagkatapos, ibabahagi ito sa mga kaklase.

*Igrupo ang klase sa sampu. Pagdalhin ng mga lumang magasin, makukulay na papel, gunting, pandikit ang bawat pangkat para sa susunod na pagpupulong.

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (15 minuto)

Magpapakita ang guro ng larawan nina Presidente Marcos at Presidente Aquino. Gagawa sila ng *Venn Diagram* ng dalawang pangulong ito.



FERDINAND MARCOS



CORAZON AQUINO

Mga tanong:

1. Ano kaya ang pananaw ng dalawang ito sa kalayaan?
2. Mahalaga ba ang kalayaan? Bakit o bakit hindi?
3. Ano ang dahilan ng EDSA Revolution?
4. Ilahad ang nangyari noong Martial Law.
5. Paano ito nakaapekto sa kalayaan ng mga Filipino?
6. Ano ang mangyayari sa Filipinas kung hindi naganap ang EDSA Revolution?
7. Paano kaya mapananatili ang kalayaan sa ating bansa?

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Gamit ang mga ipinadalang kagamitan sa mga mag-aaral, gagawa sila ng *collage* tungkol sa kalayaan depende sa kanilang interpretasyon at ideya.

c. Sintesis (15 minuto)

Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang *collage* na ginawa sa klase. Ipaliliwanag nila ang kanilang ginawa. Pagkatapos, maaaring ilagay sa dingding ng silid ang mga ginawa nila o sa labas ng kanilang mga silid upang maibahagi sa iba ang kahalagahan ng kalayaan. Maaaring lagyan ng mga pangkat ang kanilang *collage* ng maikling talata na magpapaliwanag dito.

Ikatlong Araw

a. Presentasyon (10 minuto)

Bilang panimula para sa araw na ito, babalikan ng klase si Guido. Tatalakayin ang mga naging epekto ng Martial Law at EDSA Revolution sa isang bata tulad ni Guido noong panahong iyon. Tatalakayin din ang mga naging epekto nito sa mga kabataan sa ngayon. Maaaring maglista ang guro sa pisara ng mga sasabihin ng mga bata.

b. Sintesis (30 minuto)

Susulat ang mga mag-aaral ng sanaysay tungkol sa EDSA Revolution at maaari nilang ilahad ang mga implikasyon nito sa ating bansa noong panahong iyon at ngayon.

c. Pangwakas na Pagtataya (20 minuto)

Pipili ang guro ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng sanaysay na kanilang isinulat. Maaaring tapusin ang klase sa pamamagitan ng paglalahat tungkol sa kalayaan.

Ikaapat na Araw

a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Mamili ng mga mungkahing gawain para sa Ikaapat na Araw.

LINGGO 40

Gamitin ang linggong ito para sa presentasyon ng proyektong panturismo.